# Joy, Toby, Abby, Lino, Bobby, Emi wagi sa survey

NANGUNGUNA sa survey sa pagka-alkalde sa Metro Manila sina Joy Belmonte ng Quezon City, Abby Binay ng Makati, Toby Tiangco ng Navotas, Emi Calixto-Rubiano ng Pasay, Lino Cayetano ng Taguig at Bobby Eusebio ng Pasig.

Base sa survey ng RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMDinc), nakakuha si Belmonte ng 65 percent laban kay Rep. Vincent Crisologo na mayroon lang 30 porsyento.

Umakyat ang ratings ni Belmonte ng positive five percentage points mula sa nakalipas na survey kaya upang umabot na sa 35 porsyento ang kanyang lamang laban kay Crisologo.

Sa Makati, di makaalagwa si dating Mayor Jejomar "Junjun" Binay, na may 37 porsyento lamang, sa kapatid na si Abby na may 60 porsyento.

Si Tiangco ay mahirap na ring talunin sa Navotas sa kanyang 74 porsyento laban kay Dan Ang na may 25 porsyento lamang.

Ang iba pang mga malinaw at halos nakatitiyak na ng panalo sa halalan sa Lunes ay sina Pasay Rep. Rubiano (72%), Pasig Mayor Bobby Eusebio (61%), Cayetano (62%), dating Manila Vice Mayor Francisco Domagoso (45%), Paranaque Mayor na si Edwin Olivarez (65%), Mayor Jaime Fresnedi ng Muntinlupa (55%), Mandaluyong Mayor Menchie Abalos (98%), dating San Juan Vice Mayor Francis Zamora (55%), Caloocan Mayor OcaMalapitan (95%), Las Pinas Mayor Imelda Aguilar (96%), Marikina Mayor Marcelino Teodoro (90%), Valenzuela Mayor Rexlon Gatchalian (96%), Pateros Mayor Miguel Ponce III (77%) at Malabon Mayor Lenlen Oreta (69%).